

Taon XXXVIII Blg. 8 Abril 21, 2007 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Puspusang labanan ang pasismo at saywar ng rehimeng US-Arroyo

ng kampanyang saywar ay palagiang katuwang na instrumento ng paghahasik ng pasistang terorismo at pandarahas sa mamamayan. Pinatitindi ito ngayon kaakibat ng walang habas na mga pasistang atake ng rehimeng US-Arroyo laban kapwa sa mga armadong rebolusyonaryong pwersa at ligal na demokratikong organisasyon at partido.

Matingkad na bahagi ng Oplan Bantay Laya (OBL) II ang pagsasagawa ng mga operasyong saywar. Kapansin-pansin lalo nitong mga nakaraang buwan ang higit na pagdalas, pagsinsin at pagtindi ng mga operasyong saywar na sistematiko at puspusang isinasagawa ng Malacañang at AFP/PNP kasabay ng mga pamamaslang

at armadong pagsalakay.

Layunin ng mga operasyong saywar na dungisan ang prestihiyong natamo ng mga rebolusyonaryong pwersa at siraan sila ng loob upang mapahina sila at ang kanilang suportang masa at mas madali silang madurog. Kaalinsabay nito, layon din nitong bigyang-matwid at hikayatin ang mga armadong atake at iba pang mga anyo ng panunupil upang mapatahimik ang ligal na oposisyon, laluna ang pinakadeterminado, militante at progresibong demokratikong kilusang masa. La-

royo na pagtakpan ang mga pasistang atakeng ito at palabasing ang kanilang mga krimen ay kagagawan ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang rebolusyonaryong armadong kilusan at ang hayag na demokratikong kilusang nagsusulong ng mga pambansa-demokratikong hangarin sa iba't ibang paraan ang itinuturing ng rehimeng

US-Arroyo na pangunahing sagka sa layunin nitong makapangunyapit sa poder hanggang 2010 o lagpas pa rito.

Batid ng naghaharing

rehimen na ang pamimilit nitong makapanatili hanggang 2010 o lampas pa ay sa-

Mga tampok sa isyung ito...

yunin din ng rehimeng Ar-

Reyd sa Dapecol: 108 armas nasamsam PAHINA 3

Pulang rosas para sa aking asawa at lahat ng biktima PAHINA 6

Sabwatang Malacañang at Comelec PAHINA 9



salubungin ng ibayong paglaban ng mga pwersang ito at ng mamamayang Pilipino. Kaya binuo ng Malacañang at ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) nito ang tatlong-yugtong sistematisadong plano sa panunupil at saywar. Ang unang yuqto ay nakatutok sa kasalukuyang panahon ng eleksyon, ang ikalawa'y sa panahon pagkatapos ng eleksyon at paggamit sa bagong batas na tinaquriang Human Secu-

rity Act (HSA) at ang ikatlo'y sa panahon mula 2008 hanggang 2010 o kung hanggang kailanman mapalalawig ng rehimeng Arroyo ang paghahari nito.

Inatasan ng Malacañang ang mga yunit ng AFP-PNP at ang Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) na mag-imbento ng mga kwento, mga palabas sa midya at mga kasong ligal laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at mga organisasyon at personalidad ng ligal na demokratikong kilusan. Nagbuo rin ang AFP ng mga Public Information Platoon bilang batayang yunit ng disimpormasyon katuwang ng mga yunit sa Civil-Military Operations (CMO) upang matiyak na lahat ng kampanyang militar ay may kakambal na kampanya ng disimpormasyon at saywar.

Inatasan din ang area commands, mga yunit hanggang antas platun at mga yunit sa CMO na ihanda ang organisasyon at mga mekanismo para sa mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng kanilang disimpormasyon. Pinalalawak at pinahihiqpit ng militar ang ugnayan nito sa masmidya at lahat ng daluyan ng impormasyon sa iba't ibang antas at saklaw.

Walang tiqil ang kaaway sa paglulubid ng mga imbentong kwento at kasong ligal. Pinalalaganap nila ang balu-baluktot na mga kasinungalingan. Kabilang sa mga kwentong ito ang diumano'y mga "internal na purgahan" at "mass grave" ng Partido at BHB, pagrerekrut ng mga menor-deedad sa BHB, pagkakasangkot ng BHB sa produksyon ng iligal na droga, mga arbitraryong pagpatay sa mga sibilyan, sapilitang pagbubuwis o pangingikil sa ordinaryong magsasaka at maliliit na negosyante at iba pang krimen.

Labis na pinangangambahan ni Arroyo ang napipintong pagani ng mga progresibong partido ng mas marami pang pwesto dahil tatayong malakas na haligi ito ng pampulitikang oposisyon at ng pagsisikap na patalsikin siya sa poder.

Kaya naman todo-larga ngayon ang kampanyang saywar laban sa mga ito upang makapaglatag ng kung anu-anong katwiran, ligal na palusot at suporta para sa plano ng rehimen na ideklarang "terorista" at iligal ang mga partidong ito. Ngayon pa lamang ay inihahanda na ng rehimen ang pinag-ibayo pang "opensibang liqal" sa ikalawang yuqto, qamit ang HSA, upang patalsikin sila sa Kongreso.

Inihahanda ng rehimen ang lahat ng kundisyon para sa mas malakihan at mas masahol pang mga pasistang atake sa huling yuqto.

Ngunit nagkakamali ang rehimen sa pag-aakalang magtatagumpay ito sa paglupig sa rebolusyonaryong kilusan at pagpapatahimik sa hayaq na demokratikong kilusan sa pamamagitan ng mga pasistang atake at operasyong saywar. Hindi natitinag ang mga ito sa kapasyahang lumaban at ibagsak ang naghaharing rehimen, gaano man katindi ang pag-

Taon XXXVIII Blq. 8 Abril 21, 2007

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Mga gawa-gawang kwento ng AFP	3
Reyd sa Dapecol	4
Mga opensiba at armadong aksyon	
sa Bikol, Abra, Antique at Iloilo	5
Katarungan para kay Grecil	5
Lider-masa sa Panay, inambus	
at dinukot	6
Pulang rosas para sa aking asawa	7
Lider-magsasaka sa Bikol, pinaslang	8
Aksyon-paglikas sa Davao at Samar	9
Pang-aatake sa midya	9
Panggigipit kay Ka Satur	10
Sabwatan ng Malakanyang at Comelec	11
Agwat sa pagitan ng naghaharing uri	
at masang anakpawis, lumalala	12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mamalupit, pagsisinungaling at pangungunyapit nito sa kapangyarihan.

Mahalagang tungkulin ngayon ng lahat ng yunit ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan at iba pang mamamayan ang lahatangpanig na pagpapaigting ng pakikibaka. Kaalinsabay nito, tungkulin ng lahat ang pagsasagawa ng puspusan, mabilis, sistematiko at laganap na paglalantad at pagbatikos sa mga pasistang atake, saywar at lahat ng kabulukan, kasinungalingan at kalupitan ng rehimeng US-Arroyo at mga sandatahang pwersa nito.

Kailangan ng mga partikular na hakbang para salagin at biguin ang matinding mga pasistang atake at proyektong saywar ng AFP. Dapat maging palagiang handa ang bawat organo, komite at yunit ng Partido, kumand ng BHB, selula ng NDF at mga organisa-syong masa

ng NDF at mga organisasyong masa sa mabilis na paglalantad ng mga krimen at kasinungalingan ng AFP sa mga saklaw nilang lugar. Dapat higitan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga pagsisikap ng rehimen sa larangan ng propaganda.

Responsibilidad ng mga kinauu-kulang yunit ang agad na pagtitipon ng kinakailangang mga datos upang kontrahin ang operasyong say-

war ng kaaway. Dapat agad na naipadadala ang ulat sa mga kinauukulang organo at nakapagpapalabas ng pahayag sa tradisyunal na midya at mga bagong daluyan ng impormasyon tulad ng *internet* habang tinitiyak ang kaligtasan sa qanitong pagsisikap.

Dapat sistematiko ang paglalantad ng pasismo at kabulukan ng rehimen habang pinatatampok ang pananaig at tagumpay ng mga pakikibaka ng mamamayan at ng rebolusyonaryong kilusan. Sa partikular, dapat mas palawakin at mas paigtingin pa ang paglalantad at paglaban sa mga kongkretong kaso ng pasistang terorismo ng estado, korapsyon, pandarambong, pandaraya sa eleksyon, sarisaring krimen at mga patakarang kontramamamayan at makadayuhang rehimeng Arroyo.

Pinakaepektibong tugon pa rin sa pagpapatindi ng pamamasista at saywar ng rehimen ang pagpapahusay, pagpapadulas, pagpapalawak at pagpapaigting ng kilusang propaganda at kilusang protesta, pagsisinsin ng gawaing masa at pagpapalakas ng mga pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista, kasabay ng pagibayo ng armadong pakikibaka sa buong bansa.

Mga gawa-gawang kwento ng militar, pinabulaanan ng BHB

Mariing pinabulaanan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Panay ang kasinungalingan ng AFP na tinangka umanong patayin ng BHB ang isang magsasaka sa Iloilo noong Abril 6. Ayon kay Ka Ariston Remus, tagapagsalita ng Napoleon Tumagtang Command-BHB ng Southern Panay, walang kinalaman ang BHB sa tangkang pagpaslang kay Jodie Morante, isang magsasaka ng Barangay Ticdalan, Miag-ao. Paninira lamang ito ng AFP laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan sa isla.

Hapon ng Abril 6 dinampot si Morante sa Barangay Camiri, Miag-ao ng apat na armadong lalaki. Ipinagkakalat ng AFP na nagalit umano sa kanya ang BHB dahil hindi siya nagbabayad ng buwis. Nakatakas si Morante ngunit tinamaan muna siya sa kaliwang kamay nang pagbabarilin siya ng mga salarin. Kaagad naman siyang naisugod sa ospital. Kinabukasan, binigyan kaagad siya ng mga gwardyang militar.

Samantala, pinabulaanan naman ni Leonardo "Ka Parago" Pitao ng 1st Pulang Bagani Command sa Southern Mindanao Region ang kasinungalingan ng 73rd IB na minasaker umano ng BHB ang isang pamilya sa Calinan, Davao City noong Abril 9. Ayon kay Ka Parago, hindi ang BHB kundi ang Alamara, isang anti-komunistang grupong *vigilante*, ang pumaslang sa pamilyang Gonzaga sa Barangay Calagdag, Calinan.

Pinatatakbo ng 73rd IB na nakaistasyon sa Calinan ang Alamara. Una itong binuo mula sa mga elemento ng Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) na nag-oopereyt sa mga prubinsya ng Davao.

Ayon kay Ka Parago, mahaba na ang listahan ng pamamaslang, pagnanakaw at iba pang krimen ng Alamara sa malalayong barangay ng Davao.

Reyd sa Davao Penal Colony

108 armas nasamsam


atagumpay na nailunsad ng mga Pulang gerilya ng Merardo Arce Command (MAC) ng Bagong Hukbong Bayan ang isang walang-putok na reyd sa Davao Prison and Penal Farm (DPPF) sa Sto. Tomas, Davao del Norte nitong Abril 7. Ang DPPF o mas kilala sa dating pangalang Davao Penal Colony o DAPECOL ang pangatlong pinakamalaking kulungan sa Pilipinas.

Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang 105 mahahabang armas, tatlong maiigsing baril, dalawang hand-held na radyong VHF at mga bala. Ang reyd na ito ay isa sa mga taktikal na opensiba na may pinakamaraming armas na nasamsam mula sa mga nagdaang taon.

Ala-1:30 ng madaling araw nang makarating sa tarangkahan ng DAPECOL ang mga Pulang mandirigma na nakaunipormeng militar. Lulan sila ng limang inupahang van.

Sa tarangkahan ng DAPECOL ay nagpanggap silang galing sa isang kasalan at nasira ang makina ng isa sa mga sasakyan. Agad na nadisarmahan ang dalawang gwardya. Isang platun ng mga Pulang gerilya ang pumasok sa compound ng DAPECOL. Agad ring nanyutralisa ang dalawa pang gwardya sa compound ng administration building at ng armory. Mabilis na nilimas ang lahat ng baril dito. Walang nasaktan sa mga gwardya dahil hindi sila nanlaban. Umabot lamang ng 20 minuto ang buong operasyon.

Nagpasabog ang mga Pulang mandirigma ng isang commanddetonated na bomba sa isang da-



an alas-4 ng madaling araw upang mapigilan ang anumang operasyong pantugis ng militar o pulisya.

Malaking dagok sa rehimeng Arroyo ang operasyong ito lalupa't itinatambol ng rehimen na dudurugin umano nito ang BHB pagsapit ng 2010. Ang mahigit isang daang sandatang nasamsam ay tiyak na magagamit upang armasan ang mga dagdag na yunit ng BHB.

Labis na nagagalak ang buong rebolusyonaryong kilusan sa tagumpay na ito ng BHB-MAC. Nagsisilbi itong inspirasyon sa BHB sa buong kapuluan sa paglulunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba sa gitna ng mga pasistang atake ng rehimeng Arroyo sa mamamayan. Nagsisilbi rin itong inspirasyon sa buong rebolusyo-

naryong kilusan at mamamayan na ibayong isulong ang iba't iba pang porma ng paglaban sa aroganteng rehimeng Arroyo.

Ipinanawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na pamarisan ang reyd sa DAPECOL, maglunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba at sumamsam ng mas marami pang armas mula sa kaaway. Hinahamon ng PKP ang lahat ng yunit ng BHB na maglunsad ng sunud-sunod na mga taktikal na opensiba, higitan ang bilang ng armas na nasamsam sa DAPECOL, parusahan ang pinakamasasahol na pasistang kriminal at mandarambong, dulutan ng mas matitinding dagok ang rehimeng Arroyo at itaas sa bago at mas mataas na antas ang digmang bayan.



Matatagumpay na opensiba at armadong aksyon sa Bicol, Abra, Antique at Iloilo

i bababa sa dalawang sundalo mula sa "C" Company ng 2nd IB ang napatay nang salakayin sila ng mga Pulang gerilya ng BHB noong Abril 18 sa Barangay Villanueva, Gubat, Sorsogon. Dalawa pang sundalo ang nasugatan, ayon sa inisyal na ulat. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Samantala, matagumpay na inambus ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Agustin Begnalen Command (ABC) ang nag-ooperasyong mga tropa ng 41st IB sa Sityo Mananara, Barangay Poblacion, Lacub, Abra noong Abril 6. Walong sundalo, kabilang ang isang tinyente, ang napatay sa pananambang. Ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB.

Ayon kay Ka Diego Wadagan, tagapagsalita ng ABC, ang ambus ay pagtupad sa tungkulin ng hukbo na depensahan ang sarili at ang masa laban sa operasyong inilulunsad ng AFP. Ilang linggo nang nagooperasyon ang mga tropa ng 503rd Brigade at ng Regional Mobile Group ng PNP-Cordillera bago mangyari ang pananambang. Saklaw ng kanilang mga operasyon ang mga bayan ng Lacub, Baay-Licuan, Malibcong at Tineg.

Alinsunod sa Oplan Bantay Laya II, kakambal ng kampanyang militar ng AFP ang paghahasik ng terorismo at panunupil sa mga baryong saklaw ng kanilang operasyon. May mga ulat ng pangwawasak ng ari-arian ng ilang residente. Hinigpitan ang kilos ng mga taumbaryo sa pamamagitan ng pagbabawal na magtrabaho sa mga sakahan at maliliit na minahan. Dalawang kabataan ang iligal na inaresto, ikinulong at tinortyur. Pinagbantaan din ang mga residente na pauulanan ng bomba at bala ang mga inaakusahang kasapi at tagasuporta ng BHB.

Tuluy-tuloy naman ang paglulunsad ng BHB ng mga aksyong militar laban sa mga reaksyunaryong tropa at galamay nito sa Panay. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma rito ang isang iskwad ng 2nd Platoon ng "A" Coy ng 79th IB noong Abril 2 sa Sityo Anas, Barangay Tubudan, San Remigio, Antique.

Sa Iloilo, isang sundalo ang napatay ng BHB noong Marso 26 sa Barangay Sagcup, Lambunao nang tangkaing kubkubin ng 47th IB ang isang yunit sa ilalim ng Jose Percival Estocada Jr. Command ng Central Front ng Panay.

Katarungan para kay Grecil at iba pang mga bata

Lantad na lantad na ang sukdulang pagsisinungaling ng 101st IB kaugnay ng pagkakapatay ng kanilang mga tropa kay Grecil Galacio, isang siyam na taong gulang na bata, sa Barangay Kahayag, New Bataan, Compostela Valley noong Marso 31. Hindi lamang pinabulaanan ng mga kababaryo ni Grecil ang pinagsasabi ng AFP, napatunayan pa ng independyenteng mga imbestigasyon na binaril siya sa ulo nang malapitan.

Dahil dito, napilitan ang AFP na sabihing pinag-iisipan nilang bawiin ang nauna nilang kwento at magpahayag ng pakitang-taong kahandaan na humingi ng paumanhin sa pamilya ni Grecil. Gayunpaman, ipinaggigiitan pa rin ng AFP na tagasuporta ng BHB ang ama ni Grecil sa desperadong tangkang bigyang-katwiran ang pagkakapatay kay Grecil.

Nitong Abril 19, nagrali ang Gabriela at Salinlahi-Alliance for Children's Concerns, kasama ang mga magulang ni Grecil, sa harap ng Camp Aguinaldo sa Quezon City upang singilin ang AFP.

Noong Abril 17, 300 residente ng Kahayag ang naglunsad ng martsa-rali upang batikusin ang pang-aabuso ng AFP at manawagang palayasin na ang mga yunit nito sa kanilang komunidad.

Kasabay nito, naghapag ng

kaso si Gelacio Galacio laban kay 2nd Lt. Francis John Gabawa, ang lider ng yunit na pumatay sa kanyang anak. Maghahapag din ng kaso ang pamilya sa Joint Monitoring Committee na nilikha ng gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Bago ito, nanawagan ang Kabiba Alliance for Children's Concerns at Children's Rehabilitation Center na panagutin ang yunit militar na nagsagawa ng krimen. Nanawagan din sila sa UNICEF na imbestigahan ang kaso ni Grecil, kasabay ng napakarami pang kaso ng pang-aabusong militar sa

Sundan sa "Grecil...," pahina 6



Mga lider-masa sa Panay, inambus at dinukot

Toong gabi ng Abril 12, inambus sa Cabanbanan, Oton, Iloilo ng mga pinaghihinalaang elemento ng 301st Brigade ng Philippine Army at kasapakat nitong mga bandidong grupong Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB) ang mga lider-masa na sina Maria Luisa Posa-Dominado, 52; Nilo Arado, 38; at Jose Ely Garachico, 51. Si Dominado ay upisyal ng Selda-Panay. Si Arado ay upisyal ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Anakpawis sa isla. At si Garachico ay *information officer* ng Karapatan-Panay.

Kagagaling lamang nila sa asembliya ng Anakpawis sa San Jose, Antique nang harangin ang sinasakyan nilang pickup truck ng mga armadong taong sakay ng isang puting Nissan Urvan na may plakang FVF-463. Habang sila'y tinututukan, kinaladkad at binaril sa batok si Garachico. Sa paqaakalang patay na ito, iniwan siyang nakahandusay sa daan. Tinangay naman ng mga salarin ang sasakyan kasama sina Dominado at Arado. Kinabukasan, natagpuang sunog ang sasakyan sa isang tubuhan sa bayan ng Janiuay, kung saan may presensya ang RPA-ABB.

Agad na naglunsad ng mga rali ang mga myembro ng Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela sa Metro Manila at Iloilo City para kundenahin ang pagdukot kina Dominado at Arado at igiit ang kanilang agarang paglaya.

Binatikos ni Tomas Dominado, asawa ni Luisa, ang pagdukot sa asawa at kasama nito, sa biqong

pagpatay kay Garachico at tahasang itinuro ang rehimeng Arroyo na nasa likod ng krimen. Binatikos niya si Capt. Lowen Gil Marquez, pinuno ng 32nd CRU ng AFP, sa sinabi nito na ang mga organisasyon sailalim ng Bayan at Bayan Muna ay mga "ili-

gal na bisig" ng rebolusyonaryong kilusan. Ani Dominado, inilalatag nito ang kundisyon upang ang mga ligal na organisasyong ito ay atakehin ng mga armadong ahente ng estado.

Nagsampa na rin ng petisyon para sa writ of habeas corpus sa Regional Trial Court (RCT) ng Iloilo City nitong Abril 18 ang mga kamag-anak nina Dominado at Arado.

Hinihiling sa korte nina Luis Posa, kapatid na lalaki ni Dominado, at Rosemarie, asawa ni Arado, na utusan ang militar na iharap ang dinukot na mga lider-masa.

Partikular na binanggit sa petisyon sina Maj. Gen. Juvenal Narcise, kumander ng 3rd ID ng Philippine Army na nakabase sa Jamindan, Capiz; Col. Renato David, kumander ng 301st Brigade na naka-

base sa Dingle, Iloilo; at Col. Mariano Perez ng Military Intelligence Battalion na nakabase sa Camp Delgado, Iloilo City.

"Grecil...," mula pahina 5 mga bata.

Ayon pa sa Salinlahi Alliance for Children's Concerns, malaon nang taktika ng AFP na bansagang "batang mandirigma" ang mga menor-de-edad na binibiktima ng mga operasyong militar nito para makaiwas ang AFP sa anumang pananagutan. Limampu't apat nang bata ang napapatay ng AFP sa mga operasyon nito, at ni isa sa kanila ay hindi pa nabibigyan ng katarungan.

Daan-daan na ring mga bata at kabataan ang nabibiktima ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Ilan sa kanila ang 12 kabataang manonood sana ng konsyerto sa Baquio City noong Pebrero 2006 subalit iligal na hinuli sa Mankayan, Benquet, ibinimbin nang ilang buwan at kinasuhan ng rebelyon; mga estudyante ng hayskul na edad 14 at 15 (Aileen Quintos at Rosemarie Tomas) na pinagbabaril ng mga elemento ng 21st IB noong Enero 2007 sa Baggao, Cagayan at kinasuhan din ng rebelyon; sina Jefferson, Kennedy at Joey, pawang 15 anyos, na natyempuhan ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 76th IB na nangunguha ng niyog sa Lopez, Quezon, pinahirapan at inakusahang mga gerilya ng BHB; limang menor-deedad na kasalukuyang nakadetine sa DSWD matapos sila damputin ng militar sa isang bahay sa Leyte kung saan mayroong nahuling mga lider umano ng BHB; at 11 menorde-edad na hinuli habang nagsasaka sa Basilan, pinaratangang mga elemento ng Abu Sayyaf at tatlong taon na ngayong nakakulong sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan.



Pulang mga rosas para sa aking asawa at lahat ng biktima ng panunupil

Halaw sa pahayag ni Kasamang Tomas Dominado, Jr. sa pagdukot sa kanyang asawang si Ma. Luisa Arches Posa at kay Nilo Arado at tangkang pagpatay kay Leeboy Garachico.

Kamakailan lamang, noong Marso 28, binigyan ko ng 30 pulang rosas ang aking asawa bilang simbolo ng 30 taon naming pagiging mag-asawa sa gitna ng puspusang pakikibaka para sa demokrasya. Sa hirap at ginhawa, magkasama kaming nakimartsa sa mamamayan, sa 37 taon nilang pakikipaglaban para sa kalayaan.

Magwawakas na nga ba ito? Kagabi (Abril 12), sapilitang dinukot ng mga ahente ng rehimeng Arroyo ang aking asawa at si Nilo Arado ng BAYAN. Binaril nila sa leeg si Leeboy Garachico ng Karapatan at iniwan sa pag-aakalang patay na siya.

Sa kabila ng lahat ng sakripisyo at peligro, hinarap at nalampasan naming mag-asawa ang 15 taong pakikibaka laban sa diktadurang Marcos, at nanatili kaming aktibo para labanan ang mala-diktadurang rehimeng Arroyo.

Tahasan kong itinuturo ang rehimeng Arroyo at mga berdugo nito na responsable sa krimen ng pagdukot kina Maria Luisa Posa at Nilo Arado at pagtatangka sa buhay ni Leeboy Garachico. Tanging ang rehimeng Arroyo ang may motibo na isagawa ang krimeng ito.

Kinukundena ko si Capt. Lowen Gil Marquez, hepe ng 32nd Civil Relations Unit ng AFP, sa pagbibigaykatwiran sa armadong pag-atake ng estado sa iba't ibang progresibong organisasyon at mga lider nito.

Walang patid niyang idinidiin ang mga progresibong organisasyon sa ilalim ng BAYAN at Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis at Kabataan Party sa Panay (na pinamumunuan ng mga biktima) bilang mga iligal na bisig ng rebolusyonaryong Kaliwa.

Bagamat masakit, ikina-lulungkot kong hindi ko maasikaso nang personal ang kaso ng aking asawa at kanyang mga kasama-han. Hindi ko maaaring pabayaan ang mga ahente ng rehimen na gawin din sa akin ang ginawa nila kay Luisa matapos nila akong bansagang lider ng armadong Kaliwa. Pero kahit mula sa malayo,

kumukuha ako ng lakas sa halimbawa ni Luisa at ako'y tahimik, puspusan at determinadong susunod sa kanilang landas na pinapula ng dugo ng ating mga martir.

Lubos akong nasisiyahan sa patuloy at malawakang pagsisikap ng mga organisasyon, pamilya at kaibigan ni Luisa na mailitaw siya at kamtin ang katarungan anuman ang kahahantungan nito, sa kabila ng mas malaki pang mga banta ng pasistang atake. Ito naman ang kahulugan ng buong buhay naming pagsisikap (ako, si Luisa at marami pang ibang aktibista at lider)—na siya ring pagsisikap ng mamamayang mulat, organisado at may sapat na lakas para kamtin ang katarungan at hustisya.

Hayaan ninyo akong isigaw ang sakit ng aking kalooban, gayundin ng aking pamilya, ng pamilya ni Luisa, mga kaibigan at mga kasama. Kahit papaano'y naiibsan ito dahil alam naming patak lamang ito sa dagat ng kaapihan, pagsasamantala, kagutuman at

kawalang-pag-asa ng mamamayan. Na-pakalaking inspirasyon ang hinahalaw namin sa paniniwalang ang katarungan at kapayapaan ay tiyak lamang na makakamtan kung pag-iibayuhin natin ang kolektibong pagsisikap na kamtin ang demokra-

sya. Na tanging sa pamamagitan ng matagalang pakikibaka para sa kalayaan natin makakamtan ang ating mga layunin na di hamak na mas matayog kumpara sa anumang nagawa natin o mawawala sa atin—kahit ang ating mga mahal sa buhay at sarili nating buhay. Na ang katarungan para kina Luisa at Nilo ay matutupad lamang kung makakamtan ang hustisya para sa lahat ng biktima ng panunupil ng estado.

Maghahanda pa rin ako ng 31 pulang-pulang rosas sa susunod na taon, anuman ang kalalabasan ng kasong ito—ito ay isang katiyakan. Babaha rin ng mga pulang rosas sa isang taon at sa susunod pang mga taon para sa lahat ng biktima ng panunupil at sa ating mamamayan. Isang walang hanggang hardin na ng mga bulaklak ang naitanim na buong yabong na iniaalay sa kanilang mithiin.



Lider-magsasaka sa Bicol, pinaslang

■lang kaso na naman ng pagpaslang, pagdukot at paninikil sa mga progresibong organisasyon at mga aktibisita ang naiulat nitong mga Inakalipas na araw. Pinakamatingkad na kaso ang pagpaslang sa isang militanteng lider sa Sorsogon.

Abril 16. Pinaslang noong alas-6:45 ng umaga sa Sorsogon City si Willie Jeruz, 43, organisador ng Samahan ng Magbubukid sa Sorsogon-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (SAMASOR-KMP). Nasa harap ng kanyang bahay si Jeruz nang pagbabarilin siya sa ulo at katawan ng isang lalaki. Tumakas ang bumaril sakay ng isang motorsiklo na may plakang EM-5718.

Abril 12-14. Dinukot sa Lapu-Lapu City, Cebu ng mga ahente ng Military Intelligence Group at ibinimbin nang dalawang araw sina Beethoven Avila, 28, coordinator ng partidong Kabataan at Precious Daño, coordinator ng Bayan Muna. Ininteroga sila hinggil sa kanilang mga aktibidad at pinaratangan silang mga upisyal ng Partido Komunista. Nang iharap sila sa korte sa Toledo City na pinagmulan umano ng mandamyento de aresto laban sa kanila, agad na iniutos ng korte ang pagpapalaya sa kanila dahil depektibo umano ang mandamyento.

Abril 11. Pinakawalan sa tapat ng SM City sa Dasmariñas, Cavite si Lourdes "Nanay Ode" Rubrico, 61, matapos siya dukutin at idetine nang walong araw ng mga elemento ng Philippine Air Force na nakabase sa Lipa City. Si Na-

nay Ode ay pre-

sidente ng Ugnayan ng Maralita sa Adhika at Gawa (Umaga), isang grupong kaanib ng Kadamay. Ayon sa kanyang anak na si Jean Apruebo, walang tigil na pinagtatanong ang kanyang ina hinggil sa mga lider at myembro ng iba't ibang mga progresibong organisasyon. Binantaan din siyang susunod na dudukutin ang isa sa kanyang mga anak. Binatikos din ni Apruebo ang pulisya ng Cavite dahil sa halip na imbestigahan ang pagdukot kay Nanay Ode ay ipinagkalat nito ang kasinungalingang sangkot sa pagbebenta ng mga pekeng titulo ng lupa ang biktima.

Abril 7. Limang myembro ng Karapatan sa Leyte ang dinukot ng mga elemento ng 17th IB. Isa sa mga kinilalang biktima ay si Charlie Fortaliza na sapilitang hinuli ng mga militar dahil sa kasong *murder* na isinampa kaugnay sa purgahan umanong naganap noong dekada 1980. Nauna na rito, hinuli rin ang kanyang asawa noong nakaraang taon at kasalukuyan itong nakakulong sa Tacloban City.

Abril 2. Sinunoq nq mqa elemento ng Regional Mobile Group ng PNP ang mga bahay ng nga kasapi ng Lakas ng Maliliit na Mangingisda

sa Masbate (Lambat-Pamalakaya) sa Sityo Bogang, Barangay Altavista,

San Fernando, Masbate. Natupok ang mga tahanan nina Santos Ramirez, Lito Ontog, Ronnie Dellamas, Felipe Cabeles, Ricardo dela Peña, Eddie Cabeles, Lino Bona, Ligaya Bartolata, Danilo Bona at Dominador Cabeles. Ayon sa mga ulat, ang panununog ay parusa sa pagsuporta ng Lambat-Pamalakaya sa Anakpawis. Pinapaamin din ng mga militar ang mga residente at lokal na mga pinuno ng nasabing lugar na sila ay sumusuporta sa BHB.

Marso 27. Dinukot ng walong lalaking nakamaskara, naka-combat boots at armado ng mga M16 si Josephine Nogov sa Barangay Iba, San Jose, Tarlac. Si Nogoy, na pinaratangang gerilya ng BHB ay nanganak sa pamamagitan ng caesarian section noong Enero 16 at nagpapagaling sa bahay ng kanyang hipag kasama ang kanyang mga kambal na sanggol. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya inililitaw ng mga dumukot sa kanya.

Ayon sa grupong Desaparecidos, isa lamang si Nogoy sa 16 na biktima ng pagdukot mula noong Disyembre 31, 2006. Kabilang sa mga kasong hindi pa naiuulat dati sa Ang Bayan ang pagdukot noong Abril 3 kay Leonardo Cabeles sa Barangay AltaVista, San Felipe, Masbate; kay Villamor Adona, 63, sa Barangay San Isidro, Sta. Ana, Pampanga noong Marso 27; kay Abner Hizarsa, 55, noong Marso 22 sa Barangay Ilwas, Subic, Zambales; kay Romualdo Balbuena, 55, noong Pebrero 25 sa Quinapondan, Eastern Samar; sa mag-asawang Florentino at Betty Branzuela noong Enero 19 sa Barangay Estaka, Dipolog City; at kina Gloria Pabillon, 40 at Mary Joy Opo, 17 sa Albuera, Leyte noong Disyembre 31.



Pag-atake sa mga mamahayag, nagpapatuloy

Isang brodkaster sa radyo ang pinaslang at isang korespondent ang nasugatan nitong Abril sa Nueva Ecija at Quezon.

Tinambangan ng
dalawang armadong lalaki nitong Abril
19 ng
umaga sa
Lucena City
sina Delfin
"Sonny"
Mallari, Jr.,

koresponsal ng *Philippine Daily Inquirer* at Johnny Glorioso ng DZMM. Nakasakay ang dalawa sa isang kotse at binabaybay ang Barangay Ibabang Dulay, Lucena City nang paputukan silang dalawa.

Nasugatan si Mallari sa kanyang kaliwang tagiliran samantalang si Glorioso ay hindi tinamaan. Si Mallari, isang upisyal ng National Union of Journalists of the Philippines, ay isa rin sa mga bumabatikos sa mga paglabag sa karapatang-tao, korapsyon at pagsisikil sa masmidya sa bansa.

Bago ito, natagpuan ang bangkay ni Carmelo "Mark" Palacios, 41, sa Sityo Uno, Barangay Mapalad, Sta. Rosa, Nueva Ecija noong Abril 18. Si Palacios ay taga-Guimba at reporter ng DZRB "Radyo ng Bayan". Ika-51 na siyang mamamahayag na pinaslang sa ilalim ng administrasyon ni Arroyo. Bago nilikida si Palacios ay ibinunyag niya ang pagkakasangkot ng ilang upisyal ng gubyerno sa "fertilizer scam."

Aksyong paglikas, kontra-militarisasyon sa Davao at Samar

Sa pamamagitan ng sama-samang paglikas, naipakita ng mamamayan ng Davao at Samar na mayroon silang magagawang paraan upang hadlangan at labanan ang militarisasyon sa kanilang mga pama-

Nitong Abril 11, sama-samang lumikas ang 700 residente ng Manay at Kasilak, dalawang barangay ng Panabo City matapos bombahin ng mga elemento ng 73rd IB ang kanilang mga baryo gamit ang mga eroplanong OV-10. Isinagawa ng AFP ang pambobomba bilang ganting salakay sa matagumpay na reyd ng BHB sa Davao Penal Colony noong Abril 7.

Upang bigyang-katwiran ang pambobomba, ipinagkalat ng AFP na may namataan silang pagkilos ng malalaking grupo sa lugar. Pinalalabas din ng militar na nagkaroon ng engkwentro sa lugar sa pagitan ng BHB at AFP. Pinakamalaking kabulastugan ang sinabi ng AFP na ginawang hostage ng mga Pulang mandirigma ang mamamayan sa lugar. Nang hindi umubra ang gawagawang mga kwento at kasinungalingan, inakusahan naman ng AFP ang mga residente na "nagpapagamit" sa BHB.

Kagyat at mariin ang naging pagbatikos ng mga residente sa walang pakundangang pambobomba at mga kasinungalingan ng militar. Mariin nilang pinabulaanan ang gawa-gawang kwento sa diumano'y engkwentro sa kanilang lugar. Itinanggi din nilang ginamit silang panangga ng BHB. Sadya silang nagtipon sa malaking *gym* ng kanilang barangay upang iwasan ang nagbabagsakang mga bomba

na puminsala at nagwasak sa kanilang kabuhayan.

Samantala, umaabot sa 83 pamilya o 438 katao ang sabay-sabay na lumikas mula sa Barangay Huknan, Giporlos, Eastern Samar noong Abril 8 upang iwasan ang militarisasyon sa kanilang komunidad.

Isang araw bago ang sama-samang pagbakwit, dinampot at binugbog ng mga tropa ng 34th IB si Enrique Gelio, isa sa mga residente rito. Inakusahan ng militar si Gelio na tagasuporta ng BHB at pinipilit na ituro ang diumano'y iba pang tagasuporta ng BHB.

Ayon sa kapitan ng barangay na si Napoleon Ladao, hindi babalik ang mga residente hangga't hindi nililisan ng militar ang kanilang lugar. Nais nilang takasan ang kalupitan ng militar kaya nakikituloy muna sila sa kanilang mga kamag-anak, kakilala at mga kaibigan sa sentrong bayan ng Giporlos.

Ayon sa Leyte Center for Development, karamihan sa 200 mga bakwit ay mga bata na mababa sa 15 taong gulang. Sinagip sila ng iba't ibang organisasyon at ng lokal na gubyerno ng Giporlos.

Sa sama-samang pagkilos ng mga residente kapwa sa Davao at Samar, epektibo nilang nalabanan ang militarisasyon at naiwasan ang posibleng paglala ng mga paglabag sa karapatang-tao.

Ka Satur, patuloy na ginigipit

In ula nang bigyan ng Korte Suprema ng pansamantalang kalayaan si Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna noong Abril 3, walang tigil siyang ginigipit ng Malakanyang at AFP. Sa kabila nito, patuloy na lumalaban si Ka Satur habang lalupang lumalakas ang suporta ng mamamayan sa Bayan Muna at iba pang progresibong partido.

Kamakailan lamang ay ipinakita na naman ng Malacañang ang kawalang-respeto nito sa desisyon ng Korte Suprema. Noon mismong araw na iutos ng SC ang paglaya ni Ocampo, agad iniutos ni Justice Sec. Raul Gonzalez kay Chief Prosecutor Jovencito Zuño na simulan na ang paglilitis sa kasong multiple murder laban kay Ocampo. Noong Abril 10, iniutos din ni Gonzalez ang pagsasampa ng 14 na dagdag na kasong murder sa RTC ng Leyte laban sa progresibong mambabatas.

Taliwas dito, hiningi ni Ocampo sa Korte Suprema na pigilan ang Leyte RTC sa pagdinig ng mga kasong isinampa ng DOJ. Hiniling din ni Ocampo kay Judge Ephrem Abando ng Leyte RTC na ipagpaliban ang pagdedesisyon tungkol sa hakbanging ito ng gubyerno.

Ayon sa kanyang abugado na si Atty. Romeo Capulong, "malinaw ang peligrong dumanas ng permanenteng kapinsalaan si Ocampo" kung basta na lamang

tatanggapin ang isinampang 14 na dagdag na mga kasong *murder* at kung muli siyang aarestuhin at ikukulong nang walang pyansa. Binatikos ni Capulong ang hakbanging ito ng gubyerno na aniya'y iregular at naglalayon lamang na pangunahan ang desisyon ng Korte Suprema sa naunang peti-

syon ni Ocampo na ibasura ang depektibong kasong unang isinampa laban sa

kanya.

Dagdag ni Capulong, dapat ihinto ang lahat ng paglilitis kung mayroong nakasampang reklamo sa Korte Suprema na kumukwestyon sa kasong nakasalang. Aniya, sa-

sampahan nila ng kasong "contempt

of court" (pambabastos sa korte) si Secretary Gonzalez dahil sa paglapastangan niya sa desisyon ng Korte Suprema. Determinado silang hadlangan ang balak ni Gonzalez na ituloy ang kaso sa Leyte. Bukod sa reklamong nakasampa sa Korte Suprema, nagsampa rin ng petisyon si Ocampo na ilipat ang paglilitis ng kaso sa Maynila dahil sa mga kadahilanang panseguridad.

Patuloy ang paglulubid ng buhangin. Kasabay ng mga maniobrang ligal, tuluy-tuloy ang opensibang saywar upang ipitin si Ocampo. Pinalabas ng militar ang isang umano'y saksi na nagngangalang Leonardo Tanay at nagpakilalang kamag-anak nila Juanito at Pablito Danaet na sinasabing pinatay noong 1985 sa Leyte.

Balu-baluktot at walang lohika ang pangangatwiran ni Tanay. Pinipilit niyang si Ocampo ang isa sa "utak" ng "Operation VD" noong dekada 1980 sa Leyte. Ito raw ay dahil kinikilala siya ng mga dating myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang kasapi ng Komite Sentral ng PKP. Malaking kabulastugan din ang ipinakita ni Tanay na isang "memorandum" umaano na nag-aatas ng "pagpurga" na pirmado raw ni Ocampo.

Paglawak ng suporta. Anupaman ang gawin ng rehimen, hindi pa rin nito mapigilan ang pagbuhos ng

suporta ng mamamayan sa mga progresibong partido. Maging ang mga
kapartido nito ay tahasang kumukontra sa panlilinlang at panggigipit
ni Arroyo sa mga ito. Isang halimbawa nito ang lantarang pag-endorso
nina Vilma Santos at Sen. Ralph Recto kay Satur Ocampo, ang pangunahing nominee ng Bayan Muna, sa raling
ginanap noong Abril 12 sa Plaza Independencia, Lipa City. Si Santos, na tumatakbo bilang gubernador, at si Recto, bilang senador, ay kapwa nasa kampo ni Arroyo.

Sa Davao City, ipinanawagan ni Meyor Rodrigo Duterte sa mga kasapi ng kanyang partido, ang Hugpong sa Tawong Lunsod, na iboto ang Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela Women's Party. Isa sa mga pinakamasusugid na tagasuporta ni Arroyo si Duterte sa Mindanao.

Ayon naman sa sarbey ng Pulse Asia mula Abril 3 hanggang 5, pinakamataas pa rin ang mga botong malamang na makukuha ng Bayan Muna (13.7%) sa mga grupong *party-list*. Mas mataas ito kaysa sa 11.9% na nakuha ng BM sa sarbey ng Pulse Asia noong Pebrero 28-Marso 5.

Sabwatan ng Malacañang at Comelec, DBM at iba pa

Patuloy na nagmamatigas ang Comelec laban sa panawagang ilabas ang pangalan ng mga nominado ng mga grupong party-list. Nais nitong pigilang maibunyag at maging target ng mga pagbatikos ang malalaking personaheng nasa likod ng mga partidong pakawala ng rehimen.

Noong nakaraan ay hinahayaan ng Comelec na mailabas ang pangalan ng mga nominado. Pero ngayon ay binabantaan ng diskwalipikasyon ang mga grupong partylist na ilabas ang mga ito at lalong tumatanggi ang Comelec na ipa-

hayag nila ang mga naisumiteng listahan ng mga nominado.

I k i n a - katwiran ng Comelec ang baluktot na interpretasyon nito sa Party-list Law o RA 7941. Ipinagbabawal

diumano nito ang pag-

lalabas ng pangalan ng

mga nominado ng mga grupong party-list. Ngunit ang sinasabi lamang ng RA 7941 ay hindi dapat isabay ang pangalan ng mga nominado sa pagpaskil ng listahan ng mga grupong party-list at walang sinasabing hindi dapat ilabas ang pangalan ng mga nominado sa ibang pagkakataon.

Samantalang inililihim ang pangalan ng mga nominado ng maraming nagsulputang huwad na grupong party-list ng Malakanyang, wala namang pangambang inilalabas ng mga tunay na grupong party-list ang mga nominado nila.

Una nang nabunyag na mahigit 20 sa 93 grupong *party-list* na nabigyan ng akreditasyon ng Comelec para makalahok sa eleksyon sa Mayo ay mga prente ng Malacañang. Ang mga ito'y binuo o binili at pinopondohan ng Malacañang sa pamamagitan ng Office of External

Affairs (OEA), ng
Armed Forces
of the Philippines at
ng masugid na
kleriko-pasistang National Security
Adviser
ni Gloria
Arroyo na
si Norberto Gonzales.
Nitong Abril
20, pinatuna-

∠yan ni Rep.

Liza Maza ng Gabriela

Women's Party and sabwatand ito nang ipakita niya sa midya ang kopya ng isang memorandum mula sa Office of External Affairs Special Concerns Group sa ilalim ni Assistant Secretary Marcelo Fariñas II na may petsang Oktubre 16, 2006. Nakasaad sa memorandum ang paghiling sa Office of the President ng P5.5 milyon badyet para suportahan ang ilang grupo ng party-list tulad ng Babae Ka, Agbiyag timpuyog Ilocano, League of Youth for Peace at Kalahi Advocates. (Si Fariñas ay nagbitiw na sa kanyang pwesto at sa ngayon ay isa siyang nominado ng Agbiyag.)

Ang pagpapatakbo ng maraming huwad na partido na magpupwesto

ng dagdag na mga alyado ni Arroyo sa Kongreso ay bahagi ng pangkalahatang plano ni Arroyo para nakawin ang eleksyon, magtambak ng mga alipures niya sa Kongreso sa pamamagitan ng sistemang partylist at kumpetensyahin ang mga progresibo at tunay na organisasyong party-list. Bahagi ito ng pagsisikap na mapigilang makakuha ang mga kalaban ni Arroyo ng sapat na bilang ng botong kailangan para maituloy ang impeachment pagbukas ng bagong Kongreso.

Upang magawa ito, kinasabwat ng Malacañang ang Comelec sa pagbebenta at paggagawad ng akreditasyon sa mga grupong party-list. Sa halagang ₱100,000 hanggang ₱10 milyon, magkakaroon na ng akreditasyon ang isang grupong party-list kahit hindi ito pasado sa mga rekisito na itinakda ng RA 7941. Matatandaang naging abo ang resulta ng beripikasyon sa bagong grupong party-list nang masunog ang bodega ng Comelec noong Marso 11.

Umaabot naman ng P7 milyon ang singil para sa pagpapanalo ng naturang mga partido. Isa sa naki-kipag-ayusan sa Comelec para sa akreditasyon at pagtitiyak ng panalo ng mga partidong ito ng Malakanyang ay si dating Comelec Commissioner Virgilio Garcillano.

Binibili ng Malacañang sa halagang hanggang P20 milyon ang pwesto ng first nominee, P5 milyon naman ang sa 2nd nominee at P2 milyon naman ang sa 3rd nominee ng mga grupong party-list. Binili ng Malacañang ang pwesto bilang first nominee ng grupong Bantay para sa pusakal na berdugo ni Arroyo na si Jovito Palparan, Jr.

Pondong pang-eleksyon. Samantala, walang tigil ang rehimeng Arroyo sa pangangalap ng mga pondong makukurakot upang madagdagan pa ang pantustos sa kampanyang elektoral nito. Noong Abril 3, inianunsyo ng Malacañang na ang P25.2 bilyong kita ng rehimen mula

sa paqbebenta ng mga sapi ng gubyerno sa Philippine Long Distance Telephone Co. (PLDT) na nasekwester mula sa yumaong diktador na si Marcos ay ilalaan umano sa mga proyektong papawi raw sa kagutuman. Kasalukuyang abala sa paghahanap ng mga "ligal" na maniobra ang mga alipures ni Arroyo para mailusot ang naturang pondo at magamit ito sa kampanyang elektoral, gayong dapat mabayaran pa ang P10 bilyong danyos sa mga biktima ng mga paglabag ng diktadurang rehimeng Marcos sa karapatang-tao. Kung ang susundin naman ay ang reaksyunaryong batas, dapat nakalaan ang pondo sa programang repormang agraryo. Palusot ni Socio-economic Planning Secretary Romulo Neri, and bahaging \$\mathbb{P}\$20 bilyon na gagamitin para sa "pagpapaunlad at pagpawi ng kagutuman sa mga mabundok na lugar" at P5 bilyon para sa programang pamumudmod ng pagkain sa mga nagugutom ay "ekstensyon ng repormanq agraryo."

Ang P25.2 bilyon na balak ipamudmod ng rehimen sa pamamagitan ng mga kandidato nito ngayong panahon ng eleksyon ay bukod pa sa P1 bilyong pondong nauna nang inilaan para sa kampanya umano laban sa kagutuman, pero ginagamit na ngayon sa pangangampanya ng kampong Arroyo.

Nito namang ikalawang linggo ng Abril, inaprubahan ni Sec. Rolando Andaya Jr. ng Department of Budget and Management (DBM) and P150 milyong pondo na pambili umano ng 600 computer at mga CD na pang-edukasyon para sa mga paaralan sa unang distrito ng Camarines Sur kung saan tumatakbo para sa Kongreso si Diosdado "Dato" Arroyo, anak ng pekeng pangulo. Pinresyuhan ang mga ito ng ₱250,000 samantalang \$25,000 lamang ang aktwal na halaga ng bawat isa nito at \$\P249,995\$ naman and 42 CD na kasabay ng bawat computer. Minaniobra at pinaspasan ni Andaya ang pagpapalusot nito nang hindi na dumaraan sa kaukulang bidding o anupamang pagpoproseso ng Department of Education (DepEd). Deretsong galing ang pondo mula sa DBM na hawak ni Andaya at ginamit lamang ang pangalan ng DepEd sa pagbili. Ayon kay Bicol DepEd Regional Director Celedonio Layon Jr., sa dyaryo na lang nila nalaman na ganoon kataas pala and presyo nd mda ito.

Ang malaking kurakot sa proyektong ito ay gagamiting pantustos sa kampanya ni Dato Arroyo. Pansamantalang natigil ang pagpapatupad ng katiwaliang ito dahil maaga itong nalantad. Itutuloy na lamang daw uli ito makaraan ang eleksyon.

Agwat ng naghaharing uri at masang anakpawis, lalong lumalala

alo pang lumalala ang tagibang na kaayusan ng lipunang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Habang lumulubog sa kumunoy ng kahirapan ang masang anakpawis, lumulutang naman sa dagat ng salapi ang mga naghaharing uri.

Batay sa tinipong datos ng Ibon Foundation, dobleng ulit na mas malaki ang kita ng tatlong pinakamalalaking burges komprador sa kita ng 30% ng pinakanaghihirap na mga pamilyang Pilipino. Ang pinagkombinang kita nina Jaime Zobel, Lucio Tan at Henry Sy at kanilang mga pamilya ay umaabot sa \$7.5 bilyon o ₱360 bilyon. Samantala, umaabot lamang sa ₱177 bilyon ang pinagsamang kita ng halos limang milyong pamilya na kabilang sa pinakanaghihirap.

Umaabot sa 53% ng kabuuang kita ng bansa ang ibinubulsa ng nasa tuktok na 20% ng populasyon ng Pilipinas. Sa kabilang panig, 4.63% lamang ng kita ang bahaging nakukuha ng pinakamababang 20% ng populasyon.

Kumpara noong 1985, lumiit nang 1.8% ang bahagi ng kabuuang kita ng bansa na nakukuha ng 60% ng populasyong pinakanaghihirap. Samantala, lumaki naman nang 1.2% ang bahaging nakukuha ng 20% populasyong nakaririwasa.

Patunay lamang ang mga datos na ito na lalong nakokonsentra ang yaman ng bansa sa iilang malalaking burgesyang komprador at malalaking asendero na nagsasamantala sa lakas at pawis ng mga magsasaka at manggagawa. Ipinakikita nito ang masamang bunga ng mga patakarang pang-ekonomya ng rehimeng Arroyo na pumapabor sa mga dayuhang malalaking kapitalista at kasabwat na lokal na naghaharing uri.

Samantala, iniulat ng pinakahuling mga pag-aaral ng World Bank (WB) na umaabot sa 15 milyong Pilipino o 19% ng populasyon ang nabubuhay sa kulang sa mas mababa sa \$1 (₱50) bawat araw. Apatnapu't tatlong milyong (43 milyon) Pilipino naman ang nabubuhay sa \$2 (₱100) lamang bawat araw.

Tinukoy din ng pag-aaral na umaabot sa 50.7% ang tantos ng karalitaan sa kanayunan habang 21.5% naman ang tantos sa kalunsuran.

Batay naman sa pag-aaral ng Global Call to Action Against Poverty (GCAP)-Philippines, ibayong mas masahol pa sa sinasabi ng WB ang karalitaan sa Pilipinas. Ani GCAP, mahigit 16 milyong Pilipino ay nabubuhay lamang sa ₱33.53 (\$0.68) isang araw.



Taon XXXVIII Blg. 8 Abril 21, 2007 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Puspusang labanan ang pasismo at saywar ng rehimeng US-Arroyo

ng kampanyang saywar ay palagiang katuwang na instrumento ng paghahasik ng pasistang terorismo at pandarahas sa mamamayan. Pinatitindi ito ngayon kaakibat ng walang habas na mga pasistang atake ng rehimeng US-Arroyo laban kapwa sa mga armadong rebolusyonaryong pwersa at ligal na demokratikong organisasyon at partido.

Matingkad na bahagi ng Oplan Bantay Laya (OBL) II ang pagsasagawa ng mga operasyong saywar. Kapansin-pansin lalo nitong mga nakaraang buwan ang higit na pagdalas, pagsinsin at pagtindi ng mga operasyong saywar na sistematiko at puspusang isinasagawa ng Malacañang at AFP/PNP kasabay ng mga pamamaslang

at armadong pagsalakay.

Layunin ng mga operasyong saywar na dungisan ang prestihiyong natamo ng mga rebolusyonaryong pwersa at siraan sila ng loob upang mapahina sila at ang kanilang suportang masa at mas madali silang madurog. Kaalinsabay nito, layon din nitong bigyang-matwid at hikayatin ang mga armadong atake at iba pang mga anyo ng panunupil upang mapatahimik ang ligal na oposisyon, laluna ang pinakadeterminado, militante at progresibong demokratikong kilusang masa. La-

royo na pagtakpan ang mga pasistang atakeng ito at palabasing ang kanilang mga krimen ay kagagawan ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang rebolusyonaryong armadong kilusan at ang hayag na demokratikong kilusang nagsusulong ng mga pambansa-demokratikong hangarin sa iba't ibang paraan ang itinuturing ng rehimeng

US-Arroyo na pangunahing sagka sa layunin nitong makapangunyapit sa poder hanggang 2010 o lagpas pa rito.

Batid ng naghaharing

rehimen na ang pamimilit nitong makapanatili hanggang 2010 o lampas pa ay sa-

Mga tampok sa isyung ito...

yunin din ng rehimeng Ar-

Reyd sa Dapecol: 108 armas nasamsam PAHINA 3 Pulang rosas para sa aking asawa at lahat ng biktima PAHINA 6

Sabwatang Malacañang at Comelec PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*